

Gabay para sa the Special Cash Payments

横浜版

JPY100,000 sa bawat tao ang halaga ng benepisyo na ito.

Kaunti na lamang ang impormasyon na isusulat ninyo sa aplikasyon.

Sino ang
makakatanggap?

Ang mga nakarekord na sa Basic Resident Record sa araw ng **Abril 27, 2020** ay maaaring makakatanggap

Hanggang
kailan?

Setyembre 10, 2020 (Huwebes) (bisa ng tatak ng post office)

Paano mag-apply?

Ipadala ng munisipalidad sa inyong tirahan ang application form at doon ay naunang nakaprint na ang inyong pangalan at araw ng kapanganakan.

Upang maiwasan ang impeksyon, mag-apply lamang kayo sa pamamagitan ng mail o sa Internet.

Postal
Application

Isulat sa application form ang bank account number kung saan ipapadala at iba pang detalye, at ipadala ang application form pabalik sa munisipyo ng lungsod ng Yokohama, kasama ang ibang kinakailangang dokumento.

Online
Application

Maaaring **mag-apply** sa website ng "MynaPortal" kung mayroon kayong **My Number Card**.

●Sa **bawat household**, madedeposito ang benepisyo sa **inyong bank account** ayon sa aplikasyon.

▶ Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang sumusunod na URL (ang opisyal na website ng Lungsod ng Yokohama)

<https://www.city.yokohama.lg.jp/kurashi/sumaikurashi/teigaku/teigaku.html>

▶ Para sa inyong mga katanungan (Call center ng iba't-ibang wika para sa pagtanggap ng ayuda) ng Lungsod ng Yokohama)

045-211-6573 (Tagalog)

(Oras : Lunes-Biyernes 10:00 ng umaga - 4 : 30 ng hapon, ika-2 at ika-4 na Sabado: 10 : 00 ng umaga -12 : 30 ng tanghali)

Mag-ingat kayo sa mga pangloloko!!

Mayroong ilang mga tao na nag-aalok ng "tulong," subalit layunin nila kumuha ng iyong mga mahalagang pag-aari.

Tungkol sa pagbibigay ng benepisyo na ito, **HINDING HINDI isasagawa** ng gobyerno o mga munisipalidad ang alinman sa ibaba:

- Pagpapa-operate ng ATM (automatic telling machine)
- Pagpapadeposito ng mga singil o charge para sa pagtanggap ng benepisyo

Kung kayo'y nakatanggap na ng kahina-hinalang mga email, iwasan ninyo ang pagtingin ng website o mga attached file na nakalagay.

I-konsulta lamang ninyo kung makita ang kahina-hinalang mga bagay.

- ▶ Munisipalidad kung saan kayo nakatira
- ▶ Pinakamalapit na police station
- ▶ Espesyal na konsultasyon ng pulis: #9110

- ▶ Consumer Hotline: 188(3 numero lamang na walang area code)
- ▶ Consumer Hotline tungkol sa mga may kinalaman sa COVID-19 Special Fixed-Sum Payment: 0120-213-188(mula sa Mayo 1)

FAQs

Kung walang My Number Card, hindi ako pwedeng mag-apply sa Internet?

Hindi pwede. Kailangan ang My Number Card para sa online application. Kung wala kayong My Number Card, ipadala ninyo lamang ang mga kinakailangan sa pamamagitan ng mail.

Nakatira ako sa ibang lugar at hindi ito nakarehistro sa residence registry dahil biktima ako ng DV (domestic violence).

Upang makatanggap ng benepisyo, sa lalong madaling panahon, kayo'y magtungo lamang sa munisipyo at ipaalam tungkol sa inyong kalagayan. Para sa mga detalye, magtanong lamang sa tanggapan ng munisipyo.

Kasama din ba ang mga residenteng dayuhan sa ayuda na ito?

Makakatanggap din ang mga residenteng dayuhan kung nakarehistro na sa "Basic Resident Register," hanggang sa araw ng Abril 27, 2020. Gayundin, ang mga dayuhan na nandidito at "Short-Term Stay" ang kanilang visa, o kaya nag-ooverstay, hindi makakakuha ng benepisyo dahil wala sa "Basic Resident Register."

Anong mga ibang dokumento ang kinakailangan bukod sa application form?

Iba't iba ang kinakailangang mga dokumento ayon sa paraan upang mag-apply. Isangguni lamang sa ibaba:

Postal Application

(1) Mga dokumento para sa pagpatunay ng pagkakakilanlan

Kopya ng My Number Card, Driver's license, Health insurance card atbp.

(2) Mga dokumento nagkukumpirma ng bank account

Kopya ng passbook o atm card kung saan makikita ang pangalan ng bangko, bank account number, pangalan ng may-ari ng account, kopya ng screenshot ng inyong account sa internet banking

Online Application

(2) Tungkol sa inyong bank account

* Maaaring awtomatikong i-verify ang inyong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng electronic signature kung mayroon kayong My Number Card. Samakatuwid ay hindi na kakailanganin ang mga dokumento na (1) na nasa itaas.

► Para sa inyong mga katanungan:

045-211-6573 (Para sa wikang Tagalog)

(Oras: Lunes-Biyernes 10:00 ng umaga - 4 : 30 ng hapon, ika-2 at ika-4 na Sabado 10 : 00 ng umaga - 12 : 30 ng tanghali)

Halimbawa ng pagpunan ng aplikasyon para sa ayuda (special cash payment/ tokubetsu teigaku kyuufukin) (sa wikang Tagalog)

Ibabaw

Isulat ang petsa kung kailan ninyo sinumite ang aplikasyon.

特別定額給付金申請書 **赤い枠をご記入ください**

横浜市長あて 申請日 年 月 日

① 世帯主(申請・受給権者)裏面の「誓約・同意事項」に同意の上、特別定額給付金を申請します。

押印または署名 **JUNICHIRO** (印)

電話番号 (携帯電話番号、日中に連絡がとれる番号) **000-0000-0000**

生年月日

Isulat ang pangalan ng nagsusumite ng aplikasyon o ang tatanggap ng ayuda.

Isulat ang numero ng cellphone o anuman, kung saan matatawagan sa araw.

② 給付対象者の確認 (※下記の内容をご確認ください。もし記載に誤りがあれば、朱書きで訂正してください。)

No.	氏名	続柄	生年月日	給付金不要
1	●●●● HANAKO	***	00/00/0000	<input type="checkbox"/> 不要
2	●●●● TARO	***	00/00/0000	<input checked="" type="checkbox"/> 不要
3				<input type="checkbox"/> 不要
4				<input type="checkbox"/> 不要
5				<input type="checkbox"/> 不要
6				<input type="checkbox"/> 不要
7				<input type="checkbox"/> 不要

給付を希望されない方は、不要欄に✓を入れてください。

Mangyari lamang ikumpirma kung kayo ay kwalipikadong tumanggap ng ayuda. Kapag nagkamali sa naisulat, isulat ang pagrebiso gamit ng pulang ballpen. **Ang mga kwalipikadong tumanggap ng ayuda ngunit hindi nais tanggapin ito, ay lagyan ng tsek ang kahon nagsasabing "Di kailangan ang ayuda".**

Isulat sa kahon ng bangko o ng Yuucho Bank. Kapag nagkamali, burahin sa pamamagitan ng dobleng guhit.

Taglay ng account ●●●● ジュンイチロウ

金融機関 (ゆうちょ銀行を除く) 銀行 (金融) (信用) (信託) (貸付) (保証)

Taglay ng account

Yuucho Bank 通帳記号番号 (6桁目がある場合は※欄にご記入ください)

Kapag walang account, huwag sulatan. (Ipapaalam namin ang dapat na proseso pagkatapos. Maaring matatagan ang pagpadala ng ayuda.)

※Siguraduhing magsulat gamit ang ballpen. Huwag gumamit ng nabuburang ballpen o lapis.

Likod

Sulatan lamang kapag ang kinatawan ang magsusumite ng aplikasyon at tatanggap ng ayuda.

④ 代理申請(受給)を行う場合 (※代理人が申請(受給)する場合に限り、ご記入ください。)

フリガナ 代理人 **MOMOTARO** 氏名 **MOMOTARO**

〒 **000-0000** 市 **1-23**

電話番号 **000-0000-0000** (携帯電話等、日中に連絡がとれる番号)

世帯主(委任者)氏名 **JUNICHIRO** (本人自署または記名押印)

申請・請求 受給 申請・請求および受給

Mangyaring punan o i-stamp ang pangalan ng pinuno ng sambahayan.

Ang pinuno ng sambahayan ay ang maglalagay ng tsek kung "pagsumite ng aplikasyon", "pagtanggap ng ayuda" o "pagsumite ng aplikasyon at pagtanggap ng ayuda", at isusulat ang pangalan.

【申請・請求】… pagsumite ng aplikasyon

【受給】… pagtanggap ng ayuda

【申請・請求および受給】… pagsumite ng aplikasyon at pagtanggap ng ayuda

Tungkol sa mga kasamang dokumento 【Isa sa alinman】

Kopya ng dokumento na makakapatunay ng pagkakakilanlan (pinuno ng sambahayan o ng kinatawan) (※) Ilakip sa sobre para sa pagpadala ng aplikasyon ang kopya ng inyong driver's license, My Number Card (hindi maaari ang card para sa notipikasyon ng pagkuha ng My Number Card), Health Insurance certificate, Pension handbook, pasaporte, Residence card atbp.

※Para sa kinatawan na kinikilala ng batas, kinakailangan ang kopya ng dokumento na makakapatunay sa relasyon ng pinuno sa kinatawan at kopya ng dokumento na makakapatunay sa pagkakakilanlan ng kinatawan.

※Para sa kinatawan na hindi kinikilala ng batas, kinakailangan ng kopya ng mga dokumento na makakapatunay sa pagkakakilanlan ng pinuno ng sambahayan at ng kinatawan.

Kopya ng dokumento na makakakumpirma sa papadalhang bank account

Maglakip ng kopya ng passbook (unang pahina ng passbook atbp), kung saan makikita ang pangalan ng bangko, ang numero ng bank account, ang pangalan ng may-ari ng bank account (nakasulat sa kana).

Mga bagay kailangan ng inyong pangako o pagsang-ayon.

【※Kailangang makumpirma.】

①Maaring tingnan ang mga pampublikong dokumento upang makumpirma ang pagiging kwalipikado sa pagtanggap ng ayuda.

②Kapag hindi makumpirma sa pamamagitan ng pampublikong dokumento, hinihiling namin ang inyong pagsumite ng kaugnay na dokumento. Bukod nito, maari din kami magkumpirma ng inyong address sa ibang lungsod/distrito/bayan/nayon.

③Ang lungsod/distrito/bayan/nayon, pagkatapos ng pagpadala sa nakasulat na bank account, kapag hindi nakumpleto ang pagpadala dahil sa pagkakamali sa nakasulat sa aplikasyon o ibang dahilan, at hindi makontak o makumpirma ang pinuno ng sambahayan (ang nagsusumite ng aplikasyon/ tumanggap ng ayuda) o ang kanilang kinatawan mula araw ng pagtanggap ng aplikasyon hanggang 3 buwan mula nito na deadline ng aplikasyon, ang lungsod/distrito/bayan/nayon ay ituturing inabandona ang aplikasyon.

④Kapag nakatanggap na kayo ng ayuda sa ibang lungsod/distrito/bayan/nayon, mangyari lamang pakisauli.

⑤Kung nalaman na ng isang miyembro ng sambahayan bukod sa pinuno ng sambahayan na nakarehistro sa talaan ng mga residente, ay nakatanggap ng ayuda, dahil sa anumang dahilan, ibabalik niya ito.